# Yayamaning Pananim

## ADOPTION of DIVERSIFIED CROPPING

*in the NATIONAL/COMMUNAL IRRIGATION SYSTEM*





**Lorenzo Razon**
Farmer
San Miguel Lubao Pampanga.

*Bukod sa pagtatanim ng palay, sinubukan din namin ang magdagdag ng gulay sa lupang aming sinasaka. Naglagay kami ng kamatis, talong okra, ampalaya, mais at sili. Pinakamagandang taniman sa gulay ay ang mga buwan ng mula Hulyo hanggang Setyembre. sa kita mas maganda ang gulay kesa palay. Sa palay kasi isang beses ka lang aani pero ang laki ng kapital sa gulay hindi ka lugi kasi kaunti lang ang gastos. Ang kikitain sa palay kalahati lang ng kikitain sa gulay. Kaya ang ani namin sa palay ginagawa nalang namin na pang kain, ang mga gulay ang ginagawa na naming pinagkukuhanan ng kabuhayan. Basta masipag ka aasenso ka. Sa mga katulad kong magsasaka kung may talento kayo sa pagtatanim, ipamahagi ang kaalaman para umunlad ang kabuhayan.*

*Kelangan naka bantay ka sa Halaman, parang anak din yan, kailangan alagaan ng maigi.*

*Pag na survive mo yung kamatis sa tag ulan, sigurado mahal ang kamatis.*

*Babantayan mo lang naman dyan eh yung mga uod eh, pag may Nakita ka na, aplayan mon agad para di dumami.*



**Danilo Morales**
Farmer
San Miguel Lubao Pampanga.



**GERARDO ZITA**
Farmer
San Miguel Lubao Pampanga.

*Dati puro palay lang ang aming tanim, nakakaraos lang, d mo pa nakukuha ang puhunan tapos ang laki pa ng kapital. Sa tag-ulan prioridad namin itanim ang palay, pero naisip namin na singitan ito ng mga gulay katulad ng kamatis, kalabasa, sitaw, sili, talong, upo, patola. Napatunayan namin na kapag mayroonn alternatibong tanim mas kikita*



**Nakakabit na ang palay o bigas sa atin bilang Pilipino sa usapang pagkain. Isa ito sa mga pangunahing pananim na pinagkukunan ng kita ng mga magsasaka at bumubuhay sa enerhiya na kailangan ng katawan natin. Ngunit paano nga ba ito makakasapat sa pangangailang pagkain sa dumaraming populasyon natin dito sa Pilipinas na kung di tayo magiging handa ay maaring makaapekto sa ating buhay at ekonomiya. Isa sa mga panukala at kinilala ng pamahalaan ang paggamit ng alternatibong paraan upang magkaroon ng sapat na supply ng pagkain.**

**Isa sa alternatibong paraan na maaring gawin ay ang pagtatanim ng iba't ibang gulay sa isang lote or *"diversified cropping"*. Ito ay magandang simulain sapagkat batay sa ilang dalubhasa, ilan sa benepisyo ng pamamaraang ito ay ang pagpapataas ng kita ng bawat magsasaka at maibsan ang kakulangan ng pagkain na nagiging sanhi ng gutom sa mga mamayan.**



**Sa bisa ng MC 63 s 2019 *"Adoption of Diversified Cropping in National/Communal Irrigation System"* ng National Irrigation Administration hinihikayat ang bawat magsasaka na gawin ang pamamaraang ito sapagkat malaki ang maitutulong nito na hindi lang umasa sa isang uri ng pananim para sa kanilang kita kundi mamulat sila na ang pagtatanim ng higit pa sa isang klase ng pananim. ito ay magbibigay sa kanila ng bagong pananaw sa nakamulatan nilang gawain. Makatutulong din ito upang mapanatili at mapangalagaan ang sigla't kakayahan ng lupa na magbigay ng masaganang ani sa iba't ibang uri ng pananim.**



## Anu-ano ang layunin sa pagsasagawa ng "Diversified Cropping"

- Layunin nitong makatutulong sa cropping intensity sa lugar kung saan may kakulangan ng tubig irigasyon
- Pagtatanim ng iba't ibang uri ng pananim na makatutulong upang matugunan ang kakulangan sa suplay ng pagkain
- Madagdagan ang kita ng bawat magsasaka
- Maparami at mapasigla ang lupang taniman
- Tuloy tuloy na pagtatanim ng ibat'-ibang uri ng pananim na naaangkop sa klima ng bansa

## Mga Benepisyo ng "Diversified Cropping"

- Masaganang Ani
- Mataas na Kita
- Wastong paggamit at pangangasiwa ng lupa at tubig
- Nakatutulong sa pagsugpo ng Green House Effect
- Kasiguruhan na mayroong Regular na kita
- Siguradong pagkain sa buong bansa

## Pitong hakbang na maaaring sundin sa pagpili ng itatanim gamit ang "diversified cropping system"

Una,Tukuyin at Ilista sa isang papel ang mga hindi palay na pananim na may mataas na demand. Pagsunud-sunurin ang mga ito ayon sa antas ng pangangailangan ng mga napiling itanim.

Pangalawa, Alamin ang dami ng bawat pananim na maaring kailanganin sa merkado. Gumamit ng tamang tala base sa supply at demand ng bawat pananim.

Pangatlo, Itala ang mga tumubong pananim. Sa pamamagitan ng naitalang resulta sa farmers survey, Isulat ang magkakasunod base sa dami ng mga naani. Itala rin ang mga pananim na maaring pagkunan ng mataas na kita na naaangkop sa lugar na taniman.

Pang apat, Suriin din ang mga napiling pananim kung angkop sa lugar na taniman. Sa ginawang talaan, markahan ang mga tumubong pananim.

Pang lima, Kompyutin ang magiging kita ng bawat pananim. Gamitin ang bawat laki ng lugar na pinagtamnan at ibatay ito sa nakatakdang presyo sa merkado.

Pang anim, Suriin ang kaangkupan ng mga napiling pananim base sa gulang na pwede na itong anihin. Ang mga pananim na naaangkop tuwing tag-init ang mas mainam na pagyamanin at mas may potensyal na malaki ang kita sa proyektong ito.

## Apat na uri ng klima ng Pilipinas ayon sa distribusyon

**TYPE I -** May madalas at maraming pag-ulan mula Hunyo hanggang Setyembre at tuyo nman mula Nobyembre hanggang Abril. May ganitong uri ng klima ang nasa Kanlurang bahagi ng Luzon, Mindoro, Negros at Palawan.

**TYPE II -** Halos walang tag init at ang pinakamaulang buwan ay mula Nobyembre hanggang Abril. Sakop nito ang Catanduanes, Sorsogon, Silangang bahagi ng Albay, Silangan at Hilagang bahagi ng Camarines Norte, malaking bahagi ng Quezon, Silangang bahagi ng Leyte, at malaking bahagi ng Silangang Mindanao.

**TYPE III -** Walang matatawag na tunay na tag-ulan, dahil hindi madalas at hindi rin marami ang pag-ulan at halos walang pagbabago sa panahon. Tag init mula Nobyembre hanggang Abril at tag ulan ang natitirang buwan. Nararanasan ito sa Lambak ng Cagayan, Silangan ng Mountain Province, Timog Quezon, Bontoc Peninsula, Masbate, Romblon, Hilagang Silangan Panay, Silangang Negros, Gitnang at Timog Cebu, ilang parte sa Hilagang Mindanao at Silangang Palawan.

**TYPE IV -** Tag ulan halos buong taon. Laging dinadalaw ng pag ulan. Dito nabibilang ang Batanes, Hilagang-Silangang Luzon, Kanlurang bahagi ng Camarines Norte at Sur, Albay, Silangang Mindoro, Marinduque, Kanlurang Leyte, Hilagang Negros at nalalabing bahagi ng Silangan at Katimugang Mindanao.

## Kalendaryo ng Pagtatanim

### TYPE I CLIMATE



## TYPE II CLIMATE




## TYPE III CLIMATE




## TYPE IV CLIMATE

